MUÑOZ NATIONAL HIGH SCHOOL-MAIN JHS

# FILIPINO 8

TALAAN NG MGA GAWAING PAMPAGKATUTO

LEARNING ACTIVITY SHEETS

Baitang **8-FILIPINO** Linggo **6**-Markahan **4**

**Pangalan ng Mag-aaral:** ______________________________ **Iskor:** ______________

**Baitang at Pangkat:** ______________________________ **Petsa:** ______________

## ARALIN 6: FLORANTE AT LAURA (Damdamin at Motibo)

### KASANAYANG PAMPAGKATUTO

- **F8PN-IVg-h-37** Nailalahad ang damdaming namamayani sa mga tauhan batay sa napakinggan
- **F8PB-IVg-h-37** Nasusuri ang mga sitwasyong nagpapakita ng iba't ibang damdamin at motibo ng mga tauhan
- **F8PU-IVg-h-39** nakasusulat ng isang islogan na tumatalakay sa paksang aralin

### GAWAING PAMPAGKATUTO

**Gawain 1: Panuto:** Piliin mo sa kahon ang damdamin na angkop sa saknong / mga taludtod na nakasaad sa bawat bilang. Isulat mo ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

**A.** Pagkalungkot **B.** Paghanga **C.** Pag-aalala **D.** Pagkamuhi **E.** Pagkahapis

______1. "Nagkabitiw kaming malumbay kapuwa,
tanang kaesk'wela mata'y lumuluha;
si Menandro'y labis ang pagdaralita
palibhasa'y tapat na kapuwa bata."

______2. "Ayon sa balita'y pangalawa ito
ng prinsipe niyang bantog sa sangmundo;
Alading kilabot ng mga gerero
iyong kababayang hinahangaan ko."

______3. Huwag malilingat, at pag-ingatan mo
ang higanting handa ng Konde Adolfo;
pailag-ilagang parang basilisko
sukat na titig ng mata'y sa iyo."

______4. "Nanlisik ang mata't ang ipinagsaysay
ay hindi ang ditsong nasa orihinal
kundi ang winika'y 'Ikaw na umagaw
ng kapurihan ko'y dapat kang mamatay!"

______5. "Nagdurugong muli ang sugat ng puso
humigit sa una ang dusang bumugso,
nawikang kasunod ng luhang tumulo:
*Ay amang!* kasabay ng bating: *Ay bunso!*"

**Gawain 2:**

**Panuto:** Suriin ang pinakaangkop na motibong ipinahahayag ng bawat taludtod at saknong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

LIVEWORKSHEETS

______1. Dito napangiti ang Morong kausap,
sa nagsasalita'y tumugong banayad.
Aniya'y "Bihirang balita'y magtapat,
Magkatotoo ma'y marami ang dagdag

**a. magpakumbaba** **b. magmalaki** **c. magkunwari**

______2. "Kung ang isalubong sa iyong pagdating
ay masayang mukha't may pakitang giliw,
lalong pag-ingata't kaaway na lihim,
siyang isaisip na kakabakahin."

**a. magbigay babala** **b. magbanta** **c. manakot**

______3. "Nanlisik ang mata't ang ipinagsaysay
ay hindi ang ditsong nasa orihinal
kundi ang winika'y 'Ikaw na umagaw
ng kapurihan ko'y dapat kang mamatay!"

**a. pumatay** **b. manakot** **c. magpanggap**

______4. "Puso ko'y ninilag na siya'y giliwin,
aywan kung bakit at naririmarim,
si Adolfo nama'y gayon din sa akin,
nararamdaman ko kahit lubhang lihim."

**a. pag-iwas** **b. pagganti** **c. pagtakas**

______5. "Patotohanan mong hindi iba't ikaw
ang napangarap kong gererong matapang
na maglalathala sa sansinukuban
ng kapurihan ko at kapangyarihan."

**a. pagbibigay responsibilidad** **b. paniniguro** **c. panunuyo**

**LEARNING ACTIVITY LOG/ Grade 8**

| Araw/ Oras | Asignatura Filipino | Pamagat/ Bilang ng Gawain | Lagyan ng Tsek (/) ang kolum ng Oo kung nagawa ng mag-aaral ang gawain at kung hindi naman nagawa ay lagyan ng Tsek (/) ang kolum kung Hindi. Isulat ang inyong suhestiyon: maaaring ito ay dahilan kung bakit hindi natapos o nagawa ang gawain, puna o problema, isyu at tanong na naranasan na nais bigyan ng linaw ang pagsubaybay sa mag-aaral para sa pagsasagawa ng mga gawain. | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | Oo | | Hindi | | Suhestiyon |
| | | Subukin | | | | | |
| WEEK 6 | Aralin 6 | Balikan/Tuklasin | | | | | |
| | | Pagyamanin: Gawain 1, 2, 3 | | | | | |
| | | Isaisip | | | | | |
| | | Tayahin | | | | | |
| | | LAS 4.6 | | | | | |

______________________________
Pangalan at Lagda ng magulang/Petsa

**Inihanda nina:**

Janet G. Escano Tessie D. Elipane Wilma G. Sigue
Jessa P. Solomon Laarni B. Padua Jenny Lyn S. Uy

LIVEWORKSHEETS